Kapag Kailangan Mo ng Kaibigan

William MacDonald

Salin sa Tagalog ng “When You Need a Friend”

© William MacDonald. Good News Publishers, Westchester, Illinois.

KEE Ministry Library · Faithful Men
kee-ministry-library.netlify.app/tagalog/

Kapag Kailangan Mo ng Kaibigan

NAHILING mo na ba kahit minsan na sana'y may kaibigan kang tutulong sa iyo na makaahon sa mga hirap ng buhay?

Baka ikaw ay pinanghihinaan ng loob. Ang buhay mo ay puno ng lungkot, pag-iisa at pagkabigo. Parang mas marami kang pinagdaanang problema kaysa sa iba. Kapag humihingi ka ng aliw sa mga nasa paligid mo, hindi ka nila nauunawaan o wala silang pakialam. Nais mong may isang tatayo sa tabi mo at tutulong sa iyo.

O baka naman nakikipagbuno ka sa isang bisyo—isang masamang hilig o pagnanasa na mahigpit na nakakapit sa iyo. Paulit-ulit mong ipinasiyang kumawala rito, pero sa bandang huli ay wala kang lakas na labanan ito. Hinahanap-hanap mo ang isang kaibigang may kapangyarihang magpalaya sa iyo.

O kaya naman ay kabilang ka sa mga pinabibigatan ng kasalanan at pagkakasala. May mga tinig mula sa nakaraan na ayaw tumahimik. Gaya ng mga galit na asong humahabol, ayaw kang patakasin ng iyong mga kasalanan. Kung mayroon lamang sanang makapagpapatawad sa iyo, at hahayaan kang magsimulang muli nang malinis.

O sa wakas, baka kailangan mo ng kaibigan sa iyong pagkakasakit. Pagod ka na sa sakit at hirap, at takot na takot ka sa maaaring mangyari. Kay dalas, sa iyong mga tahimik na sandali, na hinangad mong may tinig na magsasalita ng kapayapaan sa iyong puso, at may malakas na kamay na tutulong sa iyong harapin ang hinaharap nang walang takot!

Lahat ng tao ay nakadarama ng pangangailangan sa ganitong kaibigan sa isang panahon o iba pa. Pero saan siya matatagpuan?

Ang Biblia ang nagbibigay ng sagot. Ang Kaibigang kailangan mo ay ang Panginoong Jesucristo. Walang sinumang makapagpapagaling sa wasak na puso gaya ni Jesus. Sino pa, maliban sa Kanya, ang makapuputol sa tanikala ng bisyo at makapagpapalaya sa bihag? Siya ang Kaibigang tanging may kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan. At wala nang iba pang makapagbibigay ng tunay na aliw sa panahon ng sakit o kamatayan.

Ang pinakamabuti sa lahat ng kaibigan ay ang Panginoong Jesus. Siya ang "kaibigan na lalong malagkit kay sa isang kapatid" (Proverbs 18:24). Lagi Siyang malapit kapag kailangan mo Siya. Siya ay Kaibigang nagmamahal sa lahat ng panahon, sa kagipitan man o sa kasaganaan. Siya ay Kaibigang hindi nagkukulang, isang hindi ka iiwan kailanman. Ang patunay ng Kanyang pakikipagkaibigan ay ang Krus ng Kalbaryo. Naroon ito, nakatayong nag-iisa sa marilag na kaningningan, at sinasabi sa buong mundo na ang Anak ng Diyos ay nagbuhos ng Kanyang dugo para sa makasalanang sangkatauhan upang mailigtas Niya ang mga sumasampalataya sa Kanya, at maging Kaibigan nila magpakailanman.

Pero baka sabihin mo, "Nabuhay si Cristo 1900 taon na ang nakaraan. Paano Siya magiging Kaibigan ko ngayon?" Totoo na nabuhay si Cristo 1900 taon na ang nakaraan, pero totoo rin na Siya ay buhay ngayon. Bumangon Siya mula sa libingan tatlong araw pagkatapos ng Kanyang kamatayan, at pagkatapos ay

umakyat Siya sa Langit. Doon Siya ngayon—nakaupo sa kanan ng Diyos.

Ganito mo Siya magagawang Kaibigan. Lumapit ka sa Kanya sa pananampalataya dala ang lahat ng iyong pangangailangan. Ipagtapat mo sa Kanya ang iyong mga kasalanan. Aminin mong hindi mo kayang iligtas ang iyong sarili, at kung hindi ka Niya ililigtas, ikaw ay mapapahamak magpakailanman. Pagkatapos ay tanggapin mo Siya bilang iyong Panginoon at Tagapagligtas.

Kapag ginawa mo ito, tinitiyak sa iyo ng Salita ng Diyos na ililigtas ka ni Cristo. Sapagka't "kung ipahahayag mo ng iyong bibig na si Jesus ay Panginoon, at sasampalataya ka sa iyong puso na siya'y muling binuhay ng Dios sa mga patay, ay maliligtas ka" (Romans 10:9).

Kapag si Cristo ay naging iyong Panginoon at Tagapagligtas, Siya rin ay nagiging iyong Kaibigan. Aaliwin ka Niya, palalakasin ang loob mo, tutulungan ka, at pagkatapos, kapag tapos na ang buhay, dadalhin ka Niya nang ligtas pauwi sa Langit.

Nagsasalita si Cristo sa iyo ngayon habang mag-isa mong hinaharap ang mga hirap ng buhay. "Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y aking papagpapahingahin" (Matthew 11:28).

Nais Niyang maging Kaibigan mo. Papayagan mo ba Siya?

—WILLIAM MACDONALD